Ⅰ - 2　Mga Kagipitan o Emerhensiya

1. Sunog (☎119; Maaaring tumawag sa wikang- Ingles o wikang-Hapon)

Kapag may nasusunog, ipaalam agad ito sa mga kapitbahay. Kung mayroong fire alarm sa loob ng gusali, pindutin agad ito. Tumawag sa 119 at iulat nang mahinahon ang tungkol sa sunog at ang lugar kung saan ito nagaganap. Kung mabilis ang paglaki ng apoy at usok, lumayo agad at magkubli sa lugar na walang panganib.

Mga halimbawa sa wikang-Hapon

"Kaji desu.○ ○ (adres) no ○ ○ (pangalan)desu."

(May sunog. Ako si ○ ○ na nakatira sa ○ ○ .)

"○○(adres) no○ ○ (pangalan)desuga, tonari-ga kaji desu."

(Ako si ○ ○ na nakatira sa○ ○ , may sunog sa katabing bahay.)

"○○(adres) no ○ ○ (pangalan)desuga, basyo-wa ○ ○ desu."

(Ako si ○ ○ na nakatira sa ○ ○ , ang lugar ay ○ ○ .)

2.Biglaang Pagkakasakit at Kapinsalaan, atbp. (☎ 119; Maaaring tumawag sa wikang-Ingles o wikang-Hapon)

Kung hindi kayang magpunta sa ospital mag-isa dahil sa biglaang pagkakasakit, kapinsalaan at iba pa, maaaring tumawag sa 119 upang mapuntahan ng ambulansiya. Ang serbisyong tawag at paggamit ng ambulansiya ay walang-bayad, subalit kailangan mong sagutin ang pagpapagamot sa ospital. Bukod dito, maaaring hindi ka dalahin sa nais mong ospital sapagkat ang ambulansiya ang pipili ng ospital na naaayon sa iyong kalagayan, lugar at oras. Kapag nakainom ng gamot o bagay na may lason, pumunta kaagad sa ospital at dalhin mo ang lalagyan at tagubilin nito o tumawag agad ng ambulansiya. Kung tatawag sa “119”, makinig ng mabuti sa mga instruksyon o paraan na dapat gawin.

Mga halimbawa sa wikang-Hapon

Kyuukyuusya-wo onegaisimasu. ○ ○ (adres) no ○ ○ (pangalan)desu.

(Pakipadalhan kami ng ambulansiya. Ako si ○ ○ na nakatira sa ○ ○)

○ ○ (adres) no ○ ○ (pangalan)desuga, ○ ○ wo kega simasita.

(Ako si ○ ○ na nakatira sa ○ ○ . Nasaktan o nasugatan ang ○ ○ .)

○ ○ (adres) no ○ ○ (pangalan)desuga, ○ ○ (parte ng katawan) ga itakute ugokemasen.

(Ako si ○ ○ na nakatira sa ○ ○ . Hindi ako makakilos dahil masakit ang ○ ○ .)

○ ○ (adres) no ○ ○ (pangalan)desuga, chi-ga deteimasu.

(Ako si ○ ○ na nakatira sa ○ ○ , nagdurugo ako.)

3. Kapag Naging Biktima ng Krimen (☎110; Maaaring tumawag sa wikang-Ingles o wikang-Hapon)

Sa oras na masangkot, maging biktima o makasaksi ng krimen, tumawag kaagad sa 110 at ipaalam ito sa pulisya. Kung ang iyong bahay o opisina ay nilooban ng magnanakaw, huwag galawin o guluhin ang anumang bagay sa loob at hayaan lang ito sa dating puwesto at tumawag sa 110.

Mga halimbawa sa wikang-Hapon

“Tasukete kudasai.” (Tulungan mo ako. Saklolo!)
“Dorobou desu.” (May magnanakaw.)
“Suri ni ai mashita.” (Nadukutan ako.)
“Nagurare mashita.” (Sinugatan ako)

Pinagbabawal sa “Act of Controlling Stalkers” ang panununod, paghihintay, hiling ng “dating” na di obligado, marahas na pananalita at pananakot. Kapag may nangyayari sa inyong ganito, agad sumangguni sa pulis.
[Stalker Dial 110 of Osaka Prefecture Pulis Head Office] ☎ **06-6937-2110**

Bukod dito, binabawal din sa batas ang pananakit sa asawa, o kasintahan. Ang Osaka Prefecture Female Consultation Center ay nagbibigay ng pansamantalang tuluyan sa mga biktima ng ganitong karahasan at iba pang serbisyo para makaahon mula dito. **[Osaka Prefecture Female Consultation Center ☎ 06-6949-6181]**

4. Paghingi ng tulong sa pamamagitan ng telepono

Walang bayad ang pagtawag sa 110 o 119 kung pampublikong telepono ang gagamitin. Iangat amang ang receiver ng telepono at pindutin ang pulang buton. (May mga public telephones na iba ang paraan o di puwede ang mga emergency call.)

Puwede ring tumawag gamit ang cellphone. Pindutin ang “dial” button saka 119 o 110. Siguraduhing sabihin kung saan ka tumatawag.

5. Mga Parte ng Katawan



Lamang loob


lalamunan **SHOKUDO**
baga **HAI**
puso
SHINZO
atay **KANZO**
tiyan **I**
bato **JINZO**
Maliit na bahagi ng bituka
SHO-CHO
Daluyan ng ihi
NYOKAN
Malaking bahagi ng bituka
DAICHO
apendiks
MO-CHO
pantog
BO-KO